Impormasyon para sa Bakuna ng Mga Batang Mag-aaral

Ang Kalusugang Pampubliko ng Peel ay kailangan — ayon sa batas — itabi at panatiliing nasa panahon ang mga rekord ng bakuna para sa inyong maliit na mag-aaral na anak sa buong mga taon ng kaniyang pag-aaral[1].

Sa pagpapatala ninyo ng inyong anak sa paaralan

- Ilakip ang kopya ng rekord ng bakuna sa pormularyo ng pagpaparehistro ng paaralan. Ipadadala ng paaralan ang kopya ng rekord sa Kalusugang Pampubliko ng Peel.
- Tingnan kung nakatala sa kopyang ito ang mga bakunang natanggap ng inyong anak mula sa kanyang kapanganakan.
- Makipagkita sa inyong pampamilyang doktor o tumawag sa Kalusugang Pampubliko ng Peel kung hindi pa nababakunahan o hindi ninyo mapatunayan ang pagpapabakuna ng inyong anak.

Magpabakuna sa tamang panahon

- Sa pagitan ng mga taong apat hanggang anim na edad ng inyong anak ay kailangan ng pampasiglang dosis para sa dipteria, tuspirina, tetano at polyo[2].
- Sa pagitan ng mga taong labing-apat hanggang labing-anim na edad ng inyong anak ay kailangan ng pampasiglang dosis para sa dipteria, tuspirina at tetano[2].
- Ang mga bakuna ay kailangang ibigay sa tamang panahon upang maging epektibo. Halimbawa, ang unang dosis ng MMR (mga tigdas, mga baiki at rubela) ay kailangang ibigay matapos ang unang kaarawan at ang pangalawang dosis ay dapat ibigay matapos man lang ang ika-28 na araw ng unang dosis [2].

1. Immunization of School Pupils Act, September 1990. Queens Printer for Ontario.
2. Canadian Immunization Guide. 7th Edition. 2006. Published by the Public Health Agency of Canada. : 93/95&196/200.

- Regular na nirerepaso ng Kalusugang Pampubliko ng Peel ang mga rekord ng bakuna upang siguruhin na ang mga rekord ng bakuna ng mga mag-aaral ay nasa sa panahon upang makapasok sa paaralan.
- Ang mga mag-aaral na kulang ang mga rekord ng bakuna (at walang balidong pahintulot) ay maaaring hindi tanggapin sa paaralan.
- Ang isang bata na binakunahan sa labas ng Ontario o Canada ay maaaring mangailangan pa ng dagdag na mga bakuna upang makamit ang mga panlalawigang batas sa bakuna ng Ontario.
- Ang mga kailangan na mga bakuna upang makapasok sa paaralan ng Ontario ay **libre** mula sa inyong pampamilyang doktor.
- **Libreng** isasaling-wika ng Kalusugang Pampubliko ng Peel ang rekord ng bakuna na nagmula sa ibang bansa.
- Ang isang mag-aaral na anak na walang Kard Pangkalusugan ng Ontario ngunit kailangan ng rekord ng bakuna upang makapasok sa paaralan ay mababakunahan ng **libre** sa kahit na saang lokasyon ng Kalusugang Pampubliko ng Peel.
- Mayroong mga pampaaralang klinika ang Kalusugang Pampubliko ng Peel para sa Hepatitis B at Meningococcal C (para sa mga mag-aaral ng 7 Baitang) at Human Papillomavirus (para sa mga mag-aaral ng 8 Baitang).

Panatiliing Nasa sa Panahon ang Rekord ng Bakuna ng Inyong Anak

- Walang isa man sa inyong doktor o paaralan ng inyong anak ang mag-uulat ng mga impormasyon ng kanilang bakuna sa Kalusugang Pampubliko ng Peel.

- Matapos maiparehistro ang inyong anak sa paaralan, **kailangan ninyong ipaalam sa Kalusugang Pampubliko ng Peel ang kaniyang rekord ng bakuna** sa tuwing siya ay babakunahan.

- **Tumawag sa** Kalusugang Pampubliko ng Peel sa 905-799-7700; Ang mga naninirahan sa Caledon ay maaaring tumawag sa libreng linya sa 905-584-2216.
  Mayroong serbisyo para sa pagsasaling-wika.

- **Bumisita** sa www.immunizepeel.ca upang iulat ang rekord ng bakuna ng inyong anak sa pamamagitan ng on-line.

- **Ipadala sa koreo o iabot ng personal ang <u>kopya</u> ng rekord sa:**
  7120 Hurontario Street, P.O. Box 630
  Mississauga, ON L5M 2C5
  (Huwag ipadala ang orihinal na kopya)

Region of Peel
Working for you
Public Health